

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang 2020 Badyet na may pinakamabuting kontribusyon sa mga reserve at ikalawang sunod-sunod na pag-freeze sa buwis**

### ***Inuuna ang komunidad: pinapahusay ang mga serbisyo, paghahanda para sa kinabukasan***

BRAMPTON, ON (Pebrero 26, 2020) – Sa isang Espesyal na Pagpupulong ng Konseho sa araw na ito, ang 2020 Badyet ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang inaprubahan ng Konseho.

Ito ang ikalawang sunod-sunod na taon para sa Alituntunin ng Konseho na ito na magbigay ng dagdag na 0% sa buwis sa ari-arian para tustusan ang Badyet ng Lungsod.

Tinitiyak ng Badyet na ito na ang mga programa at antas ng serbisyo ng Lungsod ay pinanatili o dinagdagan; ipinagpatuloy ang mga pagpataw ng buwis para panatilihin sa sustainable na antas ang imprastruktura ng Lungsod; at na ang mga pamumuhunan ay patuloy na magtatayo ng mga oportunidad sa pang-ekonomiyang paglago at paglikha ng trabaho.

#### **Batay sa numero**

- Ang aprubadong 2020 Badyet ay magbubunga sa 0% na freeze ng buwis sa ari-arian sa porsyon ng Lungsod sa bill sa buwis.
- Ano ang magiging nasa 2020 bill sa buwis? Sa Lungsod ay 0.0% +sa Rehiyon ay 1.3% + sa mga School board ay 0% = 1.3% (average na \$64 bawat sambahayan)
- Ang netong gastos sa pagpapatakbo ng Lungsod ay nadadagdagan ng \$47 milyon. Ito ay tutustusan sa pamamagitan ng pagtatasa sa paglago, paglago ng kita at singil sa tubig-ulan na dulot ng bagyo.
- Ang 2020 Badyet ay isang badyet na \$977M budget, na binubuo ng \$755M na badyet sa Pagpapatakbo (mga sahod sa staff, maintenance, mga utility, mga reserve) at isang \$222M badyet sa Capital (Pagbili, malaking pagkumpuni at paghahali ng mga asset: mga daan, gusali, atbp.).
- Kabilang sa Badyet ng Lungsod ang pinaka-malaking taunang kontribusyon na \$110M sa reserve ng Lungsod, na pinapalakas ang pinansyal na posisyon ng Lungsod.
- Kabilang sa 2020 Badyet ang 1% na ipinataw na buwis para sa Transportasyon at 2% ipinataw na buwis para sa imprastruktura para panatilihin na nasa mabuting gumaganang kondisyon ang mga asset tulad ng mga bus, daan, at pasilidad at para matiyak na ang pagtatayo ng Lungsod ay maipagpatuloy.

#### **Pagtayo sa ating Lungsod – Mga highlight sa Capital na Badyet**

- \$52M para sa mga pagbili ng bus kabilang ang walong electric na bus
- \$41M update sa mga daan at aktibong transportasyon
- \$9.8M sa loob ng tatlong taon para pagandahin ang mga lugar na pang-isport, mga daan at mga playground

- \$2M para sa dalawang bagong Sentro para sa Kabataan sa Century Gardens at South Fletcher's Recreation Centres
- \$650,000 sa loob ng tatlong taon para sa photo radar sa mga safety zone ng komunidad

### Hinubog ng komunidad

Nagbibigay ang Lungsod ng serye ng mga oportunidad para sa publiko para magbigay ng kanilang input sa 2020 Badyet, kabilang ang sa pamamagitan ng email, telepono, at isang town hall ng telepono na nag-a-accommodate sa halos 7,500 kalahok.

Nakinig din ang Lungsod mula sa sari-saring mga residente, organisasyon at stakeholder na nagpresenta sa Komite ng Badyet.

Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa badyet, bumisita sa website ng Lungsod sa [www.brampton.ca/budget](http://www.brampton.ca/budget).

### Mga Quote

"Inaprubahan ng Konseho ang 2020 Badyet na nagbubunga na ang Brampton ay ang tanging malaking lungsod sa Canada na nag-freeze ng buwis sa dalawang magkasunod na taon. Kabilang sa badyet ang mahalagang mga pamumuhunan sa pamamagitan ng mga ipinataw na buwis sa Imprastruktura at Transportasyon para patuloy na matugunan ang mga pangangailangan ng isang lumalaking lungsod. Kabilang sa aprubadong badyet ang pinaka-malaking kontribusyon kailanman sa mga reserba sa kasaysayan ng Lungsod."

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton; Chair, Komite ng Badyet*

"Ang ating proseso ng 2020 Badyet ay isang pagtutulungang pamamaraan na nagtiyak na ang 7,500 residente ay lumahok sa proseso ng badyet at maraming residente ang nagbigay ng kanilang mga opinyon sa pamamagitan ng mga delegasyon sa Komite ng Badyet. Ipinagmamalaki ng ating Konseho ang resulta na nagtiyak na sinasamantala ng Lungsod ang halaga para sa ating mga tagabayad ng buwis ngayon at sa hinaharap."

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1&5; Vice-Chair, Komite ng Badyet*

"Ang aprubadong 2020 Badyet ay nakatuon sa pagbibigay ng maparaang mga pamumuhunan na kaayon sa mga prayoridad ng Alintuntunin ng Konseho. Gusto kong pasalamatang ang staff sa kanilang kasipaganan sa pagtiyak na ang responsableng badyet na ito ay mas nagpapahusay sa paghahatid ng de-kalidad na mga serbisyo para sa ating mga residente sa pamamagitan ng pagpapakita ng paggalang para sa mga tagabayad ng buwis sa araw na ito habang hinahanda ang bukas."

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at

pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)